

Ano ang pagkakaiba ng CC0 sa Markang Pampublikong Dominyo?



Ang CC0 (“CC Zero”) ay naglalayon na gamitin lamang ng mga may-akda o may-hawak ng karapatang-ari at mga kaugnay na mga karapatan (kabilang na ang mga karapatang ukol sa mga talaan), kaugnay sa mga gawa na nasasaklawan pa rin ng mga karapatang mula sa isa o higit pang mga bansa.

Kapag nailapat ang CC0 sa isang gawa, ang karapatang-ari at mga kaugnay na mga karapatan ay tinatalikdan sa buong mundo at ipinalalaya nito ang gawa mula sa anumang paghihigpit sa pinakamalawak na maaaring paraan.



Ang Markang Pampublikong Dominyo (PDM) ay ginagamit upang tatakan ang mga gawang malaya mula sa mga kilalang paghihigpit ng karapatang-ari. Hindi kagaya ng CC0, ang PDM ay hindi maaring magbago sa katayuan ng isang gawa sa ilalim ng karapatang-ari.

Ang PDM ay maaaring gamitin ng sinuman, at ang layunin nito ay gamitin sa mga gawa na kasalukuyang malaya na sa mga kilalang paghihigpit sa karapatang-ari sa buong mundo.

Ano ang Creative Commons?

Ang Creative Commons ay isang pandaigdigang samahang hindi nangangalakal na nakatuon sa pagtataguyod ng isang bukas at madaling makuhang Internet na napapagyaman nang malayang kaalaman at malikhaing yaman na magagamit, maisasabahagi, at malilingan ng mga tao sa buong mundo.

Ang aming mga lisensya, na madaling gamitin, ay nagbibigay ng napakadali na paraan na naaayon sa iisang pamantayan upang bigyan ang madla ng pahintulot na ipamahagi at gamitin ang iyong malikhaing gawa — sa mga kondisyong iyong gusto. Ang mga lisensyang CC ay nagpapahintulot na baguhin mo ang iyong mga tuntunin sa karapatang-ari mula sa orihinal na katayuan “nakareserba ang lahat nang karapatang-ari” patungo sa “nakareserba ang ilang karapatang-ari.”

Milyun-milyong mga tao ang gumagamit ng mga lisensya ng CC sa ilan sa mga pinakatanyag na kaparaanang pandaigdig na nauukol sa nilalamang binubuo ng mga gumagamit. Sa paggamit mo ng lisensiyang CC upang ibahagi ang iyong mga larawan, bidyo, o mga blog, ang iyong likha ay nasasali sa isang pandaigdigang bakasan ng mga likha na kasama ang gawa ng mga nagsisining, nagtuturo, dalub-agham, at pamahalaan.



Tinalikdan ng Creative Commons ang lahat ng mga karapatang-ari at mga karapatang kaugnay o kalapit sa gabay na ito, gamit ang pagtatalaga sa Pampublikong Dominyo ng CC0.



Pinadadali ng Creative Commons ang pamamahagi

Gabay sa paggamit ng mga kasangkapang Pampublikong Dominyo



Mahalaga ang mga gawang pampublikong dominyo dahil kahit sino ay maaaring bumuo mula sa mga ito, at mapahusay at muling gamitin ang mga ito para sa anumang layunin nang walang paghihigpit sa ilalim ng mga batas ukol sa karapatang-ari (copyright) o talaan (database).

Sa nasabing mga kadahilanan, lubhang mahalaga para sa mga tagalikha na magkaroon ng malinaw at legal na paraan upang mailagay ang kanilang mga gawa sa pampublikong dominyo, hangga't maaari, bilang mga ganap na likha. Mahalaga rin ito para sa mga tagapaglalathala at mga tagapagtago ng mga gawa (archive) upang magkaroon ng paraang alinsunod sa iisang pamantayan nang makilala ang mga gawa na nasa pampublikong dominyo.

Ang Creative Commons ay sumusuporta sa dalawang natatanging kasangkapang pampublikong dominyo, ang CCO na nagtatalaga ng mga gawa sa Pampublikong Dominyo at ang Markang Pampublikong Dominyo (PDM). Natutulungan ng mga lisensyang karapatang-ari ng Creative Commons na mapamahalaan ng mga may-akda ang kanilang karapatang-ari ayon sa kanilang mga napiling tuntunin. Sa kabilang banda, ang CCO ay nagbibigay-daang masakatuparan ang hangarin ng mga may-akda at may-ari ng karapatang-aring na mag-alay ng kanilang mga gawa sa pandaigdigang pampublikong dominyo, habang pinapadali naman ng PDM ang pagtatak at pagtuklas ng mga gawa na kasalukuyan nang malaya sa paghihigpit ng karapatang-ari.

Kung saan naaakma ang mga kasangkapang pampublikong dominyo sa espekro ng karapatang-ari



CCO
Pampublikong
dominyo

PDM
Walang batid na
karapatang-ari

Nakareserba
ang ilang
karapatang-ari

Nakareserba
ang lahat nang
karapatang-ari

Ang Pagtatalaga sa Pampublikong Dominyo ng CCO

Gamitin ang kasangkapang pangkalahatang ito kung ikaw ang may-hawak ng karapatang-ari o ng mga karapatan ukol sa talaan, at nais mong talikdan, sa buong mundo, ang lahat ng mga karapatan mo sa iyong gawa.



Sa pamamagitan ng paggamit ng CCO, isinusuko mo ang lahat ng karapatang-ari at ang mga kaugnay na karapatan, kasama ang lahat ng mga kaugnay na paghahabol at mga sanhi ng pagkilos na natatangi sa trabahong ito sa lawak na isinasaad sa ilalim ng batas.

Madali lamang ang paggamit ng CCO sa iyong gawa. Bisitahin lamang ang kasangkapang pagpili na CCO (<http://creativecommons.org/choose/zero>) na aakay sa iyo sa proseso. Kapag nakumpleto na, ikaw ay bibigyan ng kodigong HTML na maaari mong kopyahin at idikit sa iyong website.

Hinahayaan mo ang iba na kopyahin, baguhin, ipamahagi, at isaganap ang gawa, kahit na para sa mga layuning pangkalakal, ang lahat bilang walang pangangailangan na maghingi ng pahintulot.

Markang Pampublikong Dominyo

Gamitin ang kasangkapang ito kung natukoy mong malaya ang gawa sa anumang kilalang paghihigpit sa karapatang-ari.



Ang mga gawang minarkahan ng mga Markang Pampublikong Dominyo ay nakilalang malaya na sa mga kilalang paghihigpit sa ilalim ng batas ng karapatang-ari, kabilang ang lahat ng mga kaugnay na at mga kalapit na mga karapatan. Sinuman ay maaaring kumopya, magbago, mamahagi, at magsagawa ng mga naturang mga gawain, kahit para sa pangkalakal na layunin, ang lahat bilang walang pangangailangan na maghingi ng pahintulot.

Madali lamang ang paggamit ng PDM sa isang gawa. Bisitahin lamang ang kasangkapang pagpili na PDM (<http://creativecommons.org/choose/mark>) na aakay sa iyo sa proseso. Kapag nakumpleto na, ikaw ay bibigyan ng kodigong HTML na maaari mong kopyahin at idikit sa iyong website.

Hindi pinagtatagubilin ng Creative Commons ang kasangkapang ito para sa mga gawa na pinagbabawal sa ilalim ng mga batas ng karapatang-ari sa isa o higit pang lugar na sakop. Sumangguni sa iyong legal na tagapayo kung hindi ka sigurado kung dapat mong gamitin ang PDM para sa isang tiyak na gawa.